Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI NG KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN, NOONG IKA-14 NG AGOSTO, 2002, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:25 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | .............. | PANG. PUNONG BAYAN<br>*Tagapangulo* |
| Kgg. Louie C. de Leon | .............. | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | .............. | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | .............. | Kagawad |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | .............. | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | .............. | Kagawad |
| Kgg. Purita P. Sarmiento | .............. | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | .............. | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | .............. | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Florencio C. Odejar | .............. | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | .............. | Kagawad<br>*Nasa lakad opisyal* |

## KAPASIYAHAN BLG. 191-T'2002

### *KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG PAGLIKHA SA "LEGISLATIVE BACKSTOPPING COMMITTEE" NG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA.*

*SAPAGKA'T*, ang paggawa ng mga alituntunin at batas ay nararapat maging epektibo at *kinakailangang umaayon sa pangangailangan at interes ng mga mamamayan at mga* nasasakupan nito:

*SAPAGKA'T*, masusukat ang kalidad at pagiging epektibo ng batas kung ganap na masusubaybayan ang mga gawaing pagpapatupad;

*SAPAGKA'T*, ang pagsubaybay at pag-aanalisa ng mga napagtibay na batas at patakaran *ng Sangguniang Bayan ay maisasakatuparan lamang kung may isang lupong gagampan nito.*

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO*, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Jeffrey A. Villaseñor, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Ricardo B. Ramirez at Louie C. de Leon at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap., ay

*PINAGPASIYAHAN* : *Na pagtibayin ang paglikha sa* "Legislative Backstopping Committee" ng Sangguniang Bayan ng Santa Cruz, Laguna.

SEKSYON 1 . *KOMPOSISYON* – Ang lupong ito ay bubuuin ng Kalihim ng Sangguniang *Bayan bilang Tagapangulo at kanyang mga legislative staff officers na may kasanayan sa* political science, sociology, economics, environmental and urban planning, law at computer technology, kasama ang kanyang mga administrative staff bilang secretariat.

SEKSYON 2. *TUNGKULIN AT RESPONSIBILIDAD* - Ang Legislative Backstopping Committee ay may sumusunod na responsibilidad:

a. Maglatag ng Management Information System para sa pag-aksyon at pagdedesisyon ng sanggunian.
b. Tumulong sa paghahanda ng local legislative agenda.
c. Magsagawa ng mga pagsasaliksik at pag-aaral na makakatulong sa paggawa ng batas.
d. Magsagawa ng mga kaukulang koordinasyon at pakikipag-ugnayan (liasoning services) *sa pagitan ng mga local government executive departments at sanggunian.*
e. Magsagawa ng mga kinauukulang pagsubaybay at pag-aanalisa sa mga napagtibay na mga ordinansa at resolusyon.
f. Tumulong sa pagrerepaso ng mga ordinansa at resolusyon ng Sangguniang Barangay.
g. Magsagawa ng iba pang tungkuling nauugnay sa lehislaturang gawain na maaaring *ipagawa ng sanggunian o ng indibidwal na kasapi nito.*

(karugtong ng Kapasiyahan Blg. 191-T'2002)



*INIUUTOS:* Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang lahat ng kinauukulan para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY.*

*PINATUTUNAYAN* kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

ORIGINAL SIGNED
JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

ORIGINAL SIGNED
KGG. ARIEL T. MAGCALAS
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

ORIGINAL SIGNED
KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan